

WORD

³Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o sa paghahangad na maitaas ang sarili. Sa halip, magpakumbaba kayo sa isa't isa at ituring na mas mabuti ang iba kaysa sa inyo. ⁴Huwag lang ang sarili ninyong kapakanan ang isipin n'yo kundi ang kapakanan din ng iba. FILIPOS 2:3,4

WHAT

Lahat tayo ay maaaring maging isang taong karapat-dapat na sundan. Maaaring mangyari ito kahit walang titulo. Sa talatang ito, ipinapakita ni Apostol Pablo sa atin ang mga hakbang upang marating ang puno't dulo ng pag-uugaling makakatulong sa ating maging mga makaDiyos na pinuno.

1 Huwag gumawa ng anuman dahil sa makasariling hangarin.

Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o sa paghahangad na maitaas ang sarili. . . . FILIPOS 2:3

Isa sa mga maling pag-uugali ng pamumuno ay sumisentro sa pagpapatunay na mas magaling ang sarili kaysa sa iba. Ito'y maaaring humantong sa maling bunsod na makipagpaligsahan sa iba. Kaya't kung may ganitong pag-uugali, mawawalan nga ng panahong mag-isip na gumawa ng mabuti sa kapwa. Bakit madalas na mahirap iwasan ang pagkumpara ng sarili sa iba? Anong halimbawa ang ipinapakita ni Jesus dito?

2 Ituring na mas mabuti ang iba kaysa sa atin.

. . . Sa halip, magpakumbaba kayo sa isa't isa at ituring na mas mabuti ang iba kaysa sa inyo. FILIPOS 2:3

Ang malinaw na lunas sa nasabing maling pag-uugali ay ang sadyang pag-iisip na mas magaling ang iba kaysa sa atin. Sana lamang ay hindi ito humantong sa di-tunay na pagpapakumbaba. Hindi rin ito tungkol sa pagkundera ng mababang pagtingin sa sarili. Ngunit ang pag-uugaling ito ay makakatulong na tigilan ang makasariling pag-aambisyon sa atin. Ano ang sinasabi ng Bibliya sa kung papaano dapat natin ituring ang ating mga sarili at ang ating kapwa?

3 Isipin din ang kapakanan ng iba.

Huwag lang ang sarili ninyong kapakanan ang isipin n'yo kundi ang kapakanan din ng iba. FILIPOS 2:4

Sa halip na magsayang ng panahon na patunayan na mas magaling tayo kaysa sa iba, kailangan nating sadyaing maghanap ng paraan upang isaisip ang kapakanan ng iba. Ang mga bagay na tulad ng pakikilungkot, pagkamapagbigay, pagpapatawad, kabutihan, at marami pang iba ay nagmumula sa pag-aalala natin sa kapwa. Ano ang makakatulong sa atin upang maging mapag-alala sa kapwa (1 Juan 4:19-21)?
